10

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 10 (Ikaapat na Markahan-USLeM 7)


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Kevin Darwin C. Balayan, Teacher I, PNHS |
| **Tagaguhit:** | Eva Inosa, Officer-In-Charge, PEDHS |
| **Tagalapat:** | Melesa L. Calapano, Teacher III, MBHS-Main |
| **Manunulat ng LAS:** | Kevin Darwin C. Balayan, Teacher I, PNHS |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Nelia G. Abejar, Head Teacher V, MNHS-Main |
| **Tagasuri ng Wika:** | Mary Ann O. Wijetunge, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Dominico C. Idanan, SDS SDO-Muntinlupa City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Madeline Ann L. Diaz, CID Chief, SDO-Muntinlupa City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo, Regional EPS, Filipino<br>Dr. John Albert B. Colle, EPS-Filipino, SDO-Muntinlupa City<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Dr. Gina U. Urquia, LR EPS SDO-Muntinlupa City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Cecilia A. Ilarde, Librarian SDO-Muntinlupa City |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

| Aralin 7 | **Panitikan:** ***El Filibusterismo*–Mga Piling Kabanata**<br>**Wika:** Mga Pang-uring Umaakit sa Imahinasyon at mga Pandama |
|---|---|

## INAASAHAN

Sa araling ito ay matutunghayan natin ang mga piling kabanatang nagpapakita ng paghihimagsik, pang-aalipin, kalungkutan, kabiguan, pag-ibig at pangarap. Kumakatawan ang bawat kabanata sa kasaysayan ng lipunang Pilipino. Inilalarawan nito ang mga tauhan sa nobelang makikita rin natin sa ating bayan. Matatalakay rin sa modyul na ito ang araling panggramatika na mga pang-uring umaakit sa imahinasyon at mga pandama.

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang maipahahayag ang mahalagang kaisipan/pananaw sa nabasang akda. Gayundin, makapagpapayaman sa karunungan ang sumusunod:

- Nabibigyan ng kaukulang pagpapakahulugan ang mahahalagang pahayag ng awtor/mga tauhan **(F10PT-IVi-j-86)**
- Naisusulat ang paglalarawan ng mahahalagang pangyayari sa nobela na isinaalang-alang ang artistikong gamit ng may-akda sa mga salitang panlarawan **(F10PU-IVi-j-89)**
- Nagagamit ang angkop at masining na paglalarawan ng tao, pangyayari, at damdamin **(F10WG-IVg-h-82)**
- Nailalarawan ang mga tauhan at pangyayari sa tulong ng mga pang-uring umaakit sa imahinasyon at mga pandama **(F10PB-IVi-j-83)**
- Nabibigyang-pansin ang ilang katangiang klasiko sa akda **(F10PB-IVi-j-94)**

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto:** Basahin ang masining na paglalarawan sa tauhan ng El Filibusterismo. Tukuyin ang tauhang inilalarawan sa bawat bilang. Letra lamang ang isulat.

____ 1. Siya ay matangkad, matipuno ang katawan, mahaba ang maputing buhok, may maitim at madalang na balbas. Tinagurian siyang Kardinal Moreno o kamahal-mahalang itim.
A. Basilio C. Juanito Pelaez
B. Isagani D. Simoun

____ 2. Siya ay binatang maparaluman, walang-kibo, malulungkutin at may ugaling hindi pangkaraniwan. Isa siyang makatang nagtapos sa Ateneo. Kasintahan ni Paulita.
A. Basilio C. Macaraig
B. Isagani D. Sandoval

____ 3. Masikap at matiyaga niyang pinagyaman ang lupang sinasaka. Mapagmahal na ama at mapagtimping anak. Matapang na ipinaglaban ang karapatan sa lupa.
A. Basilio C. Kapitan Tiyago
B. Kabesang Tales D. Tata Selo

____ 4. Masikap na mag-aaral ng medisina na ang tanging pinaghuhugutan ng lakas ay puntod ng inang lihim niyang dinadalaw tuwing sasapit ang Noche Buena.
A. Basilio C. Juanito Pelaez
B. Isagani D. Macaraeg


____ 5. Masipag at itinuturing na napakatalinong mag-aaral na gusto ng tumigil sa pag-aaral. Tahimik niyang pinagdurusahan ang sistema ng edukasyon sa unibersidad na pinapasukan.

A. Basilio
B. Isagani
C. Placido Penitente
D. Tadeo

## BALIK-TANAW

### (Krusigma)

**Panuto:** Basahin ang mga pahayag na nakatala sa PAHALANG at PABABA. Gamitin ang letrang nasa krusigma bilang karagdagang palatandaan upang matukoy ang hinihingi sa bawat bilang.




**Pahalang**

**1.** Ang asawa ni Don Tiburcio na siyang naging dahilan kung bakit nanatili sa ilalim ng bapor Tabo si Padre Florentino.

**5.** Nakaugalian na ng pari na libangin ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng pagpapatugtog ng malulungkot na awitin gamit ang kaniyang instrumentong pangmusika.

**Pababa**

**2.** Ang pamangkin ni Padre Florentino na kasama niyang nanirahan sa lupang minana niya sa kaniyang ina.

**3.** Ang dumating sa tahanan ni Padre Florentino na may dalang Maleta, duguan, sugatan, malungkot, at anyong pagod na humihingi ng kalinga.

**4.** Isang Pilipino na napilitan lamang magpari dahil sa pakiusap ng ina.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

**Panitikan: El Filibusterismo**

Ang sasakyang dagat na kilala sa tawag na **BAPOR TABO** sapagkat hubog tabo ay sinasabing mapagpanggap, nagpupumilit itong mag-anyong malinis sa pagpipintura ng puti sa katawan ng bapor subalit makikita pa rin ang karumihan ng kaniyang kabuuan sapagkat laging nalulubak sa putikan. Kasabay ng pagbuga ng maitim na usok ang mabagal nitong pag-usad katulad ng isang pagong na tumanda na sa kaniyang panahon. Malakas din itong sumipol. Sipol na mataginting na tila utos ng isang pinuno sa mga nasasakupan. Sipol-hari na nagpapayuko pati sa mga kawayan. Sipol-higante na nagwawasak pati sa mga salambaw na hawak-hawak ng mga magingisda sa ilog.

Bagamat nagpapanggap na makapangyarihan, nagkapatong-patong ang mga gamit at nagkadagan-dagan ang mga sakay nito sa tuwing mababalaho sa mga nakaharang na salambaw. Sa pagkakaayos, ito ay may dalawang lugar ang ibaba at itaas ng kubyerta. Makikita sa ibaba ang mga Indo, Chino at Mestizo na pawisang nagsisiksikan katabi ang mga baul at kalakal. Makikita naman sa itaas na maginhawang nakaupo ang ilang prayle, ilang nakadamit Europeo at ilang kawaning nakatabako habang masayang nagkukuwentuhan at nagmamasid sa napakalinaw na tubig.

Pumapasok na nga noon sa lawa ang bapor at tunay na napakaringal ang tanawing tumambad sa kanilang paningin. Humanga ang lahat. Sa harap, nakalatag ang kaakit-akit na lawa, naliligid ng luntiang pampangin at asul na bundok, kahawig ng isang napakalaking salamin na may kuwadrong esmeralda at sapiro upang masalaminan ng langit. Sa kanan, nakalatag ang mahabang pampangin, lumilikha ng mga look na may kaaya-ayang kurba. At doon sa malayo, may kalabuan ang kawit ng Sugnay. Sa dakong likuran ng harap, maharlikang nakatindig ang Makiling, mahirap limutin, napuputungan ng maninipis na ulap. At sa kaliwa, ang pulo ng Talim, ang Susong Dalaga na may malalambot na kunday at nagpapatunay sa pangalan nito. Isang sariwang simoy ang buong tamis na kumulot sa malawak na mukha ng lawa.

Isinalaysay ng kapitan ang alamat ng Ilog Pasig, sinundan ito ng pagsasalaysay ni Padre Florentino ng alamat ni Donya Geronima at sa huli ay ang pagsasalaysay ni Padre Salvi ng alamat ng Buwayang Bato.

Bisperas noon ng Pasko nang magtungo si Simoun sa gubat na pag-aari ng kaniyang mga ninuno. May dala-dala siyang panghukay. Ang akala niya ay nag-iisa siya. Huli na nang malaman niyang nakita at nakilala siya ni Basilio.

Kinausap niya si Basilio at ipinagtapat dito ang tunay niyang pagkatao. Siya si Crisostomo Ibarra na noon ay punong-puno ng pangarap, subalit naging biktima ng kasamaan ng simbahan at ng pamahalaan. Umalis siya ng bansa pansamantala, nagpayaman, at ngayon ay nagbalik upang maghiganti dahil sa kaapihang dinanas ng kaniyang pamilya sa kamay ng mga Espanyol. Wika ni Simoun, “Nagbalik ako upang pigilan ang kasamaan ng pamahalaan. Pinaigting ko ang kasamaan ng pamahalaan at binayaang maghirap ang mamamayan upang sila ay magising at maghimagsik.”

Binatikos ni Simoun ang paghiling ng kabataan ng pagkakaroon ng Akademya ng Wikang Espanyol. Ito raw ay isang kalokohan. Sinabi niyang mali ang ginawa nina Isagani at Macaraig. Idinagdag pa niyang sinabi kay Basilio na tuluyang umalis sa gubat, “Hindi kita papatayin dahil kailangan kita upang ipaliwanag sa kanila na mali ang inyong hangarin.”

Niyaya ni Simoun si Basilio na sumama sa kaniyang binabalak sapagkat pareho lamang silang naging biktima ng pang-aapi. Hindi pumayag si Basilio dahil sa paniniwala niyang hindi na kailanman maibabalik pa ang buhay ng kapatid at ina kahit maghiganti pa siya. Sinagot ni Simoun si Basilio, “Ang hindi paglaban ay hindi kabaitan. Walang mang-aapi kung walang magpapaapi. Puwede ka nilang patayin sa kahit anong oras nilang naisin.”

Tinapos ni Simoun ang kanilang pag-uusap sapagkat mag-uumaga na.

Kinabukasan, nagtungo si Simoun sa bayan ng Tiani upang magbenta ng mga alahas. Nakituloy siya sa tahanan ni Kabesang Tales. Nalaman niya ang tungkol sa laket ni Maria Clara kaya pinilit niyang bilhin ito. Ngunit nagulat na lamang siya kinabukasan nang mawala ang kaniyang baril at natagpuan ang isang sulat mula kay Kabesang Tales na kalakip ang laket ni Maria Clara. Natuwa si Simoun sa mga pangyayari.

Ilang himagsikan na ang binalak ilunsad ni Simoun subalit hindi ito natutuloy sapagkat iniisip niya si Maria Clara. Umaasa pa rin siya na darating ang panahong makasasama niya ang dalaga.

Minamadali na ni Simoun ang pagsasakatuparan ng kaniyang plano sapagkat nabalitaan niyang may sakit si Maria Clara. Wala siyang sinayang na sandali. Nagtungo siya agad sa bahay ni Don Timoteo Pelaez, isang mangangalakal na ama ni Juanito upang sabihing madaliin na ang kasal ng anak sa pamangkin ni Donya Victorina na si Paulita Gomez.

Noong panahong iyon, kamamatay pa lamang ni Kapitan Tiyago. Agad na binili ni Simoun ang kaniyang bahay at iminungkahing ayusin ito upang maging handog sa ikakasal, at sabay na iminungkahing doon na gaganapin ang marangyang piging. Imbitado ang lahat ng mayayaman at makapangyarihang tao sa simbahan at pamahalaan.

Nakahanda na ang lahat at hinihintay na ni Simoun ang pagdating ni Basilio sapagkat mayroon itong mahalagang papel na gagampanan sa himagsikan.

Pumayag si Basilio na sumama kay Simoun sa himagsikan dahil na rin sa malaking utang na loob niya rito. Ayon kay Simoun, kasama nila si Kabesang Tales at ang mga tulisan sa paghihimagsik. Bibigyan din ni Basilio ang mga taong-bayan ng armas at kung hindi sila sasama ay papatayin silang lahat dahil naniniwala si Simoun na ang mga amang duwag ay magbubunga lamang ng mga anak na duwag. Sinabi pa ni Simoun na habang nagkakagulo, papasok si Basilio sa kumbento upang kunin si Maria Clara. Awang-awang ibinalita ni Basilio na kamamatay lamang ni Maria Clara. Umiyak nang umiyak si Simoun.

Itinuloy ni Simoun ang himagsikan. Nag-usap sila nang masinsinan ni Basilio at ilang sandali pa ay naghiwalay na ang dalawa.

Nagtungo si Simoun sa dating bahay ni Kapitan Tiyago. Nakita niyang dumating na ang bagong kasal; naroon na rin ang mayayaman at mga may kapangyarihan mula sa simbahan at pamahalaan, nakangiti niyang inabot sa bagong kasal ang handog na lampara. Sinindihan niya iyon at saka siya madaling nagpaalam.

Hinintay niya ang pagsabog subalit hindi ito naganap. Nabalitaan na lamang na si Simoun ay sugatan. Hinabol siya ng mga guwardiya sibil upang papanagutin sa kaniyang ginawa.

Tumakas ni Simoun dala-dala ang kaniyang kayamanan. Hindi siya makapapayag na mamatay sa kamay ng mga Espanyol. Tumungo siya sa tahanan ni Padre Florentino at doon ay nangumpisal bago siya binawian ng buhay.

## Gawain

**A. Panuto:** Sagutin ang mga tanong.

1. Isalaysay ang mga pangyayaring naganap sa buhay ni Simoun.
2. Batay sa akdang binasa, ano ang mabigat na dahilan kung bakit nais ni Simoun maghimagsik?
3. Paano nakaapekto sa iyong pagkatao ang mga pangyayaring naganap sa akda?

**B. Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag at bigyang-kahulugan gamit ang ilang halimbawang pangyayaring makapagpapatunay na maging sa kasalukuyan ay patuloy na nagaganap sa ating lipunan ang ganitong kalakaran.


1. “…ang mga amang duwag ay magbubunga lamang ng mga anak na duwag.” -Simoun

   ____________________________________________
   ____________________________________________

2. “Ang hindi paglaban ay hindi kabaitan. Walang mang-aapi kung walang magpapaapi. Puwede ka nilang patayin sa kahit anong oras nilang naisin.” -Simoun

3. “Bakit ko lilingapin ang lipunang wala namang paglingap sa akin?" -Basilio

**C. Panuto:** Dugtungan ang mga pahayag sa *graphic burger organizer* gamit ang mga salitang panlarawan upang higit na maunawaan ang nais na iparating na mensahe ng may-akda.




**D. Panuto:** Ilarawan ang mahahalagang pangyayari sa sumusunod na bilang.

1. Pagpanig ni Basilio kay Simoun
2. Hindi pagsabog ng lampara
3. Pagtakas ni Simoun dala ang kaniyang mga kayamanan
4. Pagkamatay ni Maria Clara
5. Pagtatapat ni Simoun kay Basilio ng kaniyang lihim

## Tandaan

- Si ***Simoun*** ang kumakatawan sa ideolohiyang anarkista-rebolusyonaryo. (Capino, et. al., 2005) Siya ang dating Crisostomo Ibarra ng Noli Me Tangere na nagbalik upang pagsidhiin ang paghihirap ng bayan upang tapusin na nila ang pagtitiis at tuluyang mag-aklas. Ayon kay Retana na sinipi nila Capino (2005), maitutulad umano ang Pilipinas sa isang patay na hayop na unti-unting inuubos ng isang buwitre. Kailangang muling likhain ang bayan at magagawa lang iyon kung muling mapadadaloy rito ang pagkamakabayan. Magagawa lang iyon kung aalisin ang lahat ng bahaging bulok o nabubulok.
- Ang ***paglalarawan*** ay pagtukoy sa katangian ng ating nakikita, naririnig, at nadarama. Sa pamamagitan ng paglalarawan, nabubuo sa ating imahinasyon ang malinaw na larawan ng isang bagay, tao, o pangyayaring nais nating ipahayag. Upang maging masining ang isang paglalarawan, kailangang gamitin ang ating mayamang imahinasyon upang maipakita ang isang buhay na larawan. Ginagamit ng taong naglalarawan hindi lamang ang kaniyang mata at isip, kundi ang kaniyang damdamin at pananaw sa pagsulat.

- Ang pang-uri ay salitang naglalarawan. Magiging maayos at mabisa ang paglalarawan kung gagamit ng angkop na mga pang-uring kaugnay ng pandama.

  **a. Paningin** – paglalarawan sa ating mga nakikita.
  *Halimbawa:* Ang Bapor Tabo ay sumasayad sa mababaw na putik sa ilog.
  **b. Pandinig** – mga pang-uring naglalarawan sa ating mga naririnig.
  *Halimbawa:* Iniwan sila ni Simoun na humahalakhak na para bang nanunuya.
  **c. Pang-amoy** – mga pang-uring ginagamit natin sa paglalarawan ng ating naaamoy.
  *Halimbawa:* Pagkaabot ni Simoun ng lampara kina Juanito at Paulita ay kaniya nang nalalasap ang halimuyak na bango ng tagumpay.
  **d. Panlasa** – mga pang-uring naglalarawan sa ating panlasa.
  *Halimbawa:* Mapait ang naging resulta ng hinahangad na himagsikan ni Simoun nang hindi umayon sa kaniyang plano ang mga pangyayari nang gabing iyon.
  **e. Pansalat** – gamit ang ating mga kamay, maaaring mailarawan ang isang bagay.
  *Halimbawa:* Iniabot na ni Simoun ang lampara sa bagong kasal. Ito ay nalikha sa pamamagitan ng mga tinipong luha ng mga inapi.

**E. Panuto:** Ilarawan ang sumusunod na tauhan na gumanap sa akda batay sa kaisipang naghahari sa tauhan, ikinilos sa pagharap sa mga pangyayari, at damdaming gumising sa mga kasamang tauhan. Gumamit ng pang-uring umaakit sa inyong imahinasyon at pandama.



Simoun
Ni: Kyasarinminori on Deviant Art

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________



Basilio
Mula sa aprilavenido.wordpress.com

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________



Isagani
Mula sa Isagani Noli Me Tangere Wiki Fandom

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________



1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________
4. ____________________

Kabesang Tales
Mula sa Kabesang Tales ni Gracita on DeviantArt

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto:** Ilahad ang mga gintong aral na iyong nakuha mula sa buhay o papel na ginampanan ng mga piling tauhan sa akda. Ilahad ang inspirasyong iyong natutuhan sa papel na kanilang ginampanan at magtala ng paliwanag kung paano mo ito magagamit bilang kabataang may pagmamahal sa bayan. Sagutin mo rin ang mga kaugnay na tanong.

| *Mga Piling Tauhan* | *Mga Aral na Aking Natutuhan na Magagamit ko sa Pagbabago* | *Paano ko Magagamit sa Kasalukuyan ang aking mga Natutuhan?* |
|---|---|---|
| *Simoun* | | |
| *Basilio* | | |
| *Isagani* | | |
| *Padre Florentino* | | |

1. Mula sa iyong mga itinalang sagot, ano para sa iyo ang pinakamahalagang aral na iyong natutuhan mula sa akda? Bakit?
____________________
____________________
____________________

2. Masasabi bang mahalagang matutuhan ng bawat kabataang Pilipinong katulad mo ang mga mensaheng taglay ng nobelang ito? Bakit?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

3. Bilang paglalahat, masasabi mo bang ang akdang ito ay tunay na isang akdang klasiko o walang kamatayan? Patunayan.
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

___ 1. Ano ang misyon ng muling pagbabalik ni Simoun sa Pilipinas?
A. Upang ipaghiganti ang mga mahal niya sa buhay
B. Para harapin ang mga taong umapi o nanghamak sa kaniya
C. Magtayo ng unibersidad para magkaroon ng edukasyon ang kabataan
D. Muling magpayaman at tuluyang kalimutan ang kaniyang mapait na karanasan

___ 2. Sa pahayag ni Simoun na: "Ang sama ay nasa mga tulisan sa loob ng bayan at sa mga lungsod." Ito ay nangangahulugang ___________.
A. Nagagalit siya sa mga tulisan.
B. Nagkalat ang mga tulisan sa bayan.
C. Tulisan ang turing niya sa mga prayle.
D. Ang mga nasa lungsod ay mga tulisan.

___ 3. Alin sa sumusunod ang tunay na sanhi ng paghihimagsik ni Simoun?
A. Mabawi si Maria Clara.
B. Naaawa siya sa mga Pilipino.
C. Maipaghiganti ang amang si Don Rafael.
D. Magbago ang takbo ng pamumuhay sa Pilipinas.

___ 4. Pauwi na sana si Basilio nang may marinig siyang yabag na papalapit. Anong pang-uring umaakit sa imahinasyon at mga pandama ang halimbawang pangungusap?
A. Paningin B. Pansalat C. Pandinig D. Pang-amoy

___ 5. Upang mahikayat ni Simoun na sumapi si Basilio sa kaniyang ginagawang kilusan, kaniyang isinalaysay ang pait na naranasan sa kamay ng mga Kastila. Anong pang-uring umaakit sa imahinasyon at mga pandama ang halimbawang pangungusap?
A. Panlasa B. Pandinig C. Paningin D. Pang-amoy

## Susi sa Pagwawasto

**Panimulang Pagsubok**
1. D, 2. B, 3. B, 4. A, 5. C

**Balik-tanaw**
1. Donya Victorina, 2. Isagani, 3. Simoun, 4. Padre Florentino, 5. Armonium

**Pangwakas na Pagsusulit**
1. A, 2. C, 3. A, 4. C, 5. A

## Sanggunian

Marasigan, Emily C. et. al., Pinagyamang Pluma 10. Phoenix Publishing House. 2017
Merida, Marina G. et. al., Bulwagan Kamalayan sa Gramatika at Panitikan. Abiva Publishing House, Inc. 2016
Ramos, Remedios B. et. al., Bagong Hulagway. Instructional Coverage System Publishing, Inc. 2017
Reyes, Alvin Ringgo C. et. al., Diwa ng Wika at Panitikan 10. Diwa Learning Systems Inc. 2016
Santos, Bernie C. et. al., Punla Mga Akdang Pampanitikan ng Daigdig at El Filibusterismo. Rex Book Store, Inc. 2017

**Elektronikong Sanggunian**
"Mga katangian ni Simoun sa El Filibusterismo". https://brainly.ph/question/1257877. (accessed February 4, 2021).
http://www.thephilippineliterature.com/mga-alamat-kabanata-3-el-filibusterismo-ni-jose-rizal/